# Kuwento ng Kliyente:

Malaya sa buong buhay niya, ang 90 taong gulang na si Ada ay isang mahalagang tagapag-ambag na kasapi ng kanyang komunidad.

Pagkaraang tanggapin sa ospital, kinailangan ni Ada ng karagdagang suporta para sa pagligo, pagkain, at paglalakbay.

Nahirapang kayanin ang mga ekstrang gastusin at hindi sigurado kung saan tatakbo, nakaramdam si Ada ng matinding pagkagapi sa kanyang kalagayan, nag-iisa at nababalisa kung ano ang mangyayari sa hinaharap.

Pagkaraang maisangguni sa Care Finder, isang kasapi ng pangkat ang bumisita kay Ada sa kanyang tahanan, at sila'y magkasamang gumawa ng isang plano.

Sa tulong ng Care Finder, ang mga serbisyong tagapag-alaga sa matatanda (aged care services) ni Ada ay muling uunahin at isang Home Care Package ang isinaayos para magbigay ng karagdagang suporta. Nakapili si Ada ng isang tagapagbigay ng serbisyo kung saan siya ay kumportable. Tumatanggap si Ada ngayon ng suportang kailangan niya at nakadarama ng kumpiyansa at kapasidad sa sarili niyang bahay.



## Paano kong malalaman kung ako (o sinumang kilala ko) ay karapat-dapat para sa suportang Care Finder?

### Listahan ng Care Finder:

**Kaya mo bang sumagot ng OO sa tatlong tanong na ito:**

1. **Ikaw by ay 65 taong gulang o mas matanda pa?***
2. **Kailangan mo ba ng tulong para gawin ang isa o mahigit pang mga pang-araw-araw na gawain - katulad ng pagligo, pamimili, paggawa ng mga pagkain?**
3. **Wala ka bang pinagkakatiwalaang tao (pamilya o kaibigan) na makatutulong sa iyong maintindihan at mabagtas ang sistema ng aged care at hindi mo kayang gawin ito nang mag-isa?**

* 50 taon + Aborihinal at Torres Strait Islander (ATSI) na mga tao at/o mga taong may mababang kita at nasa panganib na mawalan ng tirahan. 45 taon+ ATSI at may mababang kita at nasa panganib na mawalan ng tirahan.

**Kapag sumagot ka ng oo sa lahat ng tatlong katanungan, ang programang Care Finder ay maaaring para sa iyo.**

cotatas.org.au/programs/carefinder

Ang aming pangkat ng Care Finder ay mahusay na sinanay sa ligtas at inklusibong mga pamamaraan.

COTA (Council on the Ageing) Tasmania
COTA [Konseho sa Pagtanda] Tasmania

# Care Finder
## [Tagahanap ng Pangangalaga]

### Ikaw ba o isang kakilala mo ay nahihirapang kumuha ng mga serbisyo sa Aged Care at walang makatutulong sa iyo?

Ang programang Care Finder ng COTA Tasmania ay isang libre at magiliw na serbisyo sa komunidad. Nagbibigay kami ng gabay sa pamamagitan ng sistemang Aged Care para sa mga nakararanas ng mga hamon at may mga pangyayaring lalong nakapagpapahirap na bagtasin nang mag-isa. Naririto kami para magtrabaho kasama mo sa pagkuha ng Aged Care at iba pang mga serbisyong pangsuporta.

# 1800 518 048

COTA TASMANIA

Ang programa ay suportado ng pondo ng Gobyerno ng Australya sa pamamagitan ng Primary Health Tasmania (Tasmania PHN).

## Anong suporta ang maibibigay ng isang Care Finder?

Makapagbibigay ang Care Finder ng libre at malayang impormasyon kaugnay sa pagbagtas ng sistemang Aged Care at mga nakalaan na mapagpipiliang pangangalaga at suporta:

- pakikipag-ugnayan sa My Aged Care at mga propesyonal sa kalusugan.
- pag-aayos at pagdalo sa mga pagtatasa at muling pagtatasa.
- pagkuha ng mga serbisyong aged/home o allied health
- pananaliksik sa mga makukuhang opsyon at pakikipag-ugnayan sa mga tagapagbigay ng serbisyo (providers).
- pagbibigay ng gabay sa pagkumpleto ng mga pormularyo at pag-unawa sa mga kasunduan sa serbisyo.
- pagtsek-in kapag tumatakbo na ang mga serbisyo.
- pagkonekta sa ibang mga suportang nakabase sa komunidad.



## Saan inihahatid ng COTA Tasmania ang mga serbisyo ng Care Finder?

Pinatatakbo ang Care Finder program ng COTA Tasmania sa buong Tasmania, kabilang ang mga lugar na malalayo at kanayunan. Ang mga opisina namin ay nasa Hobart, Launceston at Burnie.

# Mga madalas itanong na katanungan:



**Libre ba ang suporta ng Care Finder?**
Oo, ito ay pinondohan ng Gobyerno ng Australya.

**Kailangan ko ba ng isang sangguni (referral) upang makakuha ng tulong mula sa isang Care Finder?**
Hindi. Kahit sino ay maaaring kumontak sa COTA Tas Care Finder.

**Ang mga serbisyong Care Finder ba ay kumpidensyal?**
Oo, ang mga serbisyo namin ay kumpidensyal.

**Paano kung ako o ang aking kliyente/kaibigan ay hindi nakapagsasalita ng Ingles?**
Ginagamit ng COTA Tasmania Care Finders ang Translating and Interpreting Services (TIS).




# 1800 518 048

# Pagkuha ng suporta

## Paano ko makokontak ang Care Finder program ng COTA Tasmania?

### Paghingi ng tulong para sa aking sarili

Mangyaring kontakin ang aming Intake Team [Pangkat ng Paunang Pagsusuri] sa **1800 518 048** o mag-email sa carefinder@cotatas.org.au sa mga oras ng trabaho Lunes hanggang Biyernes.

Huwag mag-alala kung hindi ka siguradong ang Care Finder program ay tama para sa iyo. Kapag tumawag ka, tatanungin ka namin ng ilang mga tanong para matukoy ang pinakamabuting paraan ng pagsuporta sa iyo.

O, maaari mong punan ang aming Form sa Pagtatanong:

### Paghingi ng tulong para sa ibang tao

Kung ikaw o ibang taong kilala mo ay nangangailangan ng suporta ng Care Finder, mangyaring kontakin ang aming Intake Team sa **1800 518 048** sa mga oras ng opisina Lunes hanggang Biyernes.

Kung ikaw ay tumatawag sa ngalan ng ibang tao, kailangan mo ng kanilang pahintulot.

Kung tatawag ka, magtatanong kami ng ilang katanungan, upang matukoy namin ang pinakamabuting paraan ng pag-alok ng suporta.

Maaari mo ring punan ang aming Client Referral Form [Form ng Pagsangguni sa Kliyente]:

Upang humanap ng karagdagang impormasyon at mas maintindihan kung para kanino ang programa, bisitahin ang cotatas.org.au/programs/carefinder